Advisory No. 062 , s. 2023
July 05, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

(Visit www.depedbatangas.com)

**LAYAG , PILIPINAS! 2023**

The De la Salle University- Integrated School (DLSU-IS) will conduct the Panakayon Lasallian Experience program, as part of their Layag, Pilipinas! 2023 on July 13, 2023 (Thursday) and July 14, 2023 (Friday) at the De La Salle University – Manila Campus and Laguna Campus.

This program aims to boost the potential and to enhance the competencies of students to Senior High School subjects for their preparation to a higher level.

The target participants are Grade 10 students from public and private schools.

Participation of public and private schools shall be subject to the no-disruption-of-classes policy stipulated in DepEd Order No. 9, s. 2005 entitled "Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith" and the no-collection policy as stated in Section 3 of Republic Act No. 5546, An Act Prohibiting the Sale of Tickets and/or the Collection of Contributions for Whatever Project or Purpose from Students and Teachers of Public and Private Schools, Colleges and Universities (Ganzon Law).

For more information, contact:

- Ms. Ma. Jayanne Mapugay
  Email add: ma.jayanne.mapugay@dlsu.edu.ph
  FB page: DLSU Humanities and Social Science

PDH/ DA_Layag, Pilipinas! 2023
S2-106549/ July 05, 2023

# LAYAG, PILIPINAS! 2023

DepEd-Division of Batangas
SDS OFFICE
RECEIVED
Date: JUN 16 2023
Time: 10:39
By:
52 - 106549

**School Division of Batangas**

**Sa mga minamahal na Punongguro at Administrador:**

Pagbati po ng kapayapaan at mabuting pakikipagkapuwa!

Bilang paghilom at pagtugon sa higit pang pagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral na maglingkod sa ating lipunan, malugod pong iniimbitahan ng De La Salle University - Integrated School (DLSU-IS), sa pangunguna ng Department of Humanities and Social Sciences (HUMSS), ang inyong butihing paaralan at mahuhusay na mag-aaral sa programang **Panakayon Lasallian Experience** na bahagi ng taunang proyektong **Layag, Pilipinas! 2023.**

Kaugnay nito, hinihikayat na makilahok ang mga mag-aaral na nasa ika-10 baitang na nagnanais madagdagan ang kalaaman patungkol sa mga mahahalagang paksa sa mga asignaturang Senior High School na makatutulong sa kanilang paghahanda sa sarili sa pagpasok sa mas mataas na antas sa susunod na taon. Ang mga mapipiling mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataong maging bahagi ng Lasalyanong komunidad sa pamamagitan ng pagbisita sa mga klase at handang programa ng De La Salle University (DLSU), kapuwa sa Manila Campus at sa Laguna Campus, sa darating na **Hulyo 13-14, 2023.**

Nilalayon din ng nasabing programa na makabuo ng matibay at magandang ugnayan ang bawat mag-aaral na may iba't ibang karanasan, nagmula man sa pampubliko at pribadong paaralan ang mga ito. Naniniwala ang mga tagapamunuan ng programa na walang pagsubok ang makatitigil na pagbuklurin ang bawat isa upang maipagpatuloy ang mga mabuting misyong laan para sa Diyos at bayan.

Upang makapagparehistro sa aplikasyon ng programa, narito ang sumusunod na kalipikasyon:

1. Bukas ang ***Panakayon Local Lasallian Experience*** sa mga mag-aaral na kasalukuyang nasa **ika-10 baitang mula pampubliko o pambribadong paaralan** na nasa *National Capital Region* at mga karatig na lugar.

2. Kinakailangang sagutan ng mag-aaral ang application form at ipasa sa pamamagitan nito ang sumusunod na pormularyo:
    a. **Liham ng Rekomendasyon** (mula sa isang guro, *adviser*, o punungguro ng paaralan);




b. Liham ng Pagpapahintulot ng Magulang o Tagapangalaga; at

c. **Maikling sanaysay** (may 300 - 500 salita; maaaring nasa Filipino o Ingles) Sumasagot sa tanong na:

> *Ano ang maituturing mong pinakamalubhang sakit na pinagdadaanan ng Pilipinas? Bakit? Paano ka makatutulong sa paghilom ng karamdamang ito?*

Ang pagpaparehistro sa aplikasyon ay bukas hanggang **Hunyo 30, 2023 (4:30nh)** lamang. Ang mga matatagumpay na mag-aaral ay aabisuhan sa pamamagitan ng *email* sa Hulyo 3, 2023.

Salig sa mga ito, narito naman ang mga limitasyon ng suporta at lohistikong ibibigay ng pamantasan at programa:

1. Sasagutin ng Layag, Pilipinas! 2023 ang pagkain ng mga kalahok sa loob ng dalawang araw ng programa.

2. Tanging ang transportasyon tungong Laguna Campus at pabalik ng Manila Campus lamang ang sasagutin ng programa.

3. Hindi sasagutin ng programa ang titirahan ng mga kalahok sa Hulyo 13 at 14.

Para sa iba pang *updates* ukol sa *Panakayon Local Lasallian Experience*, iniimbitahan din po namin kayong bisitahin ang opisyal na *Facebook page* ng DLSU Humanities and Social Sciences. Sa mga pagkakataong may katanungan at paglilinaw sa gawain, maaari po kayong magpadala ng *email* kay **Bb. Ma. Jayanne Mapugay (ma.jayanne.mapugay@dlsu.edu.ph)**.

Sa huli, ang gawaing ito ay libre at boluntaryo. Kami po ay nasasabik na makasama kayo at ang mga magigiting na mag-aaral sa darating na ika-13 hanggang 14 ng Hulyo ngayong taon.

Maraming salamat!

Lubos na gumagalang,

**KOMITE NG LAYAG, PILIPINAS! 2023**